

Pangunahing Child Rearing Support at Services ng Koshigaya City

Serbisyo	Detalye	Target	Magkano	Section in Charge	Proseso / Pamaraan
1 Kapanganakan at Pag-aalaga ng Bata					
Talaan ng Kalusugan ng Mag-Ina (Boshi Techo)	May ibibigay na "Talaan ng Kalusugan ng Mag-Ina" o Boshi Techo at prenatal checkup coupons para sa buntis.	Lahat ng mga nagbubuntis.	Libre	Comprehensive Child Rearing Support Center City Hall, 2nd Bldg - 2F Tel: 048-963-9179 Municipal Health Center Tel: 048-961-8040	Magpa checkup sa doktor tungkol sa pagbubuntis, at pagkatapos ay magpunta sa Comprehensive Support Center for Families with Small Children (City Hall, 2nd Bldg - 2F / Municipal Health Center) para sa pag-proseso ng notipikasyon ng pagbubuntis.
Mothers' Class (Haha-oya Gakkyu) Parents' Class (Ryoshin Gakkyu)	Seminar tungkol sa pagbubuntis, kapanganakan, tamang pag-aalaga ng bata at iba pa. Gaganapin ito sa loob ng 3 araw at kinakailangan na ang mag-asawa ang sasali sa pangatlong araw o Day 3. 【Detalye ng seminar】 Day 1: Oryentasyon, wastong nutrisyon sa panahon ng pagbubuntis, at pagluluto / Day 2: Pangangalaga ng kalusugan ng ngipin, prenatal exercise at kapanganakan / Day 3: Pagpapaligo at pag-aalaga ng sanggol, pagranas ng pagbubuntis (para sa mga ama).	16 - 28 na linggo na buntis, at asawa. ※Prayoridad ang mga nagbubuntis sa unang pagkakataon.	¥500 para sa materyales	Citizen's Health Promotion Section - Municipal Health Center (Shimin Kenko Ka, Hoken Senta) Tel: 048-961-8040	Tumawag sa Citizen's Health Promotion Section (health center) para sa aplikasyon. Ang mga iskedyul nito ay ibibigay kasama sa 'boshi techo'. Kumpirmahin ang detalye sa website ng siyudad o di kaya sa Koshigaya health care guide. Ang pagpa-reserba ay 'first-come-first-served basis'. (Oras: 9:00am - 5:15pm).
Prenatal Care (Ninpu Kenko Shinsa)	Ibibigay ang 14 ka prenatal checkup coupons sa oras ng pagbibigay ng boshi techo. Gamitin ito at magpa-checkup sa tamang panahon para sa ligtas na pagbubuntis at kapanganakan.	Lahat ng mga nagbubuntis.	Ang halaga na lumampas sa upper limit ng checkup coupons.	Citizen's Health Promotion Section - Municipal Health Center (Shimin Kenko Ka, Hoken Senta) Tel: 048-961-8040	Ibibigay ang prenatal checkup coupons kasama sa boshi techo. Magagamit lamang ito tuwing magpa checkup sa mga nakatakdang ospital o klinika. Kung sakaling pagpa-checkup sa hindi nakatakdang ospital o klinika, pwedeng ma-proseso ang refund (kailangan ang resibo) pagkatapos manganak.
Bakuna at Imunisasyon (Yobosesshu)	Bakuna at imunisasyon para sa bata tulad ng BCG, DPT-IPV, hib, pediatric pneumococcus, MR (measles-rubella), chicken pox, Japanese encephalitis, Hepatitis B, HPV (human papillomavirus) at DT (diphtheria and tetanus). 【Mga dadalhin tuwinmagpa bakuna】 ① Vaccination coupons (Yoshinhyo) ② Talaan ng Kalusugan ng Mag-Ina (Boshi Techo)	Mga bata na nasa takdang edad para tumanggap ng bakuna at imunisasyon.	Libre	Citizen's Health Promotion Section - Municipal Health Center (Shimin Kenko Ka, Hoken Senta) Tel: 048-961-8040	Ang vaccination coupons/questionnaire (maliban sa 2nd phase ng measles-rubella, japanese encephalitis, diphtheria-tetanus) ay ipapadala kapag nag-dalawang buwan na ang sanggol. Para sa detalye at karagdagang impormasyon tingnan sa Koshigaya health care guide o sa website ng siyudad. Para sa mga bagong lipat sa Koshigaya at sa mga gustong magpa-bakuna ng kanilang mga anak outside Koshigaya, makipag-ugnayan sa Citizen's Health Promotion Section (Municipal Health Center).
Maternity Hospitalization System (Nyuin Josan Seido)	Kung ang nagbubuntis ay nahihirapang tumanggap ng anumang maternity care dahil sa pinasyal na rason, maaaring tumanggap nito sa aprubadong midwifery home.	Lahat ng mga nagbubuntis.	May bayad, depende sa kinikita.	Child Rearing Support Section (Kosodate Shien Ka) Tel: 048-963-9172	Makipag-ugnayan in advance sa in-charge.
Pagparehistro ng Kapanganakan (Shussyo Todoke)	Kailangang ipa-rehistro ang bata pagkatapos manganak. 【Mga Kakailanganin】 ①Report of Birth / ② Birth Certificate mula sa doktor o midwife / ③Name Seal (hanko) / ④Boshi Techo / ⑤National Health Insurance Certificate/Card (kung membro)	Ama o Ina ng bata	-	Citizen's Affairs Section (Shimin Ka) Tel: 048-963-9192	Kailangan ipa-rehistro sa loob ng 14 na araw pagkatapos manganak. Kailangan iproseso ito ng magulang sa lugar kung saan nakaitra o di kaya kung saan ipinanganak ang bata.
Pagbisita sa Mga "Expectant & Nursing Mothers", at Bagong Panganak na Sanggol (Homon)	Bibisita ang midwife o nars sa mga buntis, ina at bagong silang na sanggol upang magbigay payo tungkol sa pag-aalaga ng bata, atbp. Tatawag sila upang kumpirmahin ang iskedyul ng kanilang pagbisita. 【Mga gagawin sa araw ng bagbisita】 •Pagsusukat ng katawan, timbang ng sanggol, at iba pa. •Konsultasyon ukol sa growth at development ng bata, pag-aalaga, pagpapasuso, kalusugan ng ina, at iba pa. •Pagpapakilala ng ilang serbisyo ng siyudad na pwedeng gamitin. •Konsultasyon tungkol sa mga pag-alala ng pagbubuntis, atbp.	Lahat ng Ina na may bata o sanggol na 4 na buwan pababa at mga buntis na may mga pag-alala at nababalisa tungkol sa pagbubuntis at oras ng kapanganakan.	Libre ※ Ang midwife ay bibisita ng isang beses pagkatapos ng kapanganakan.	Citizen's Health Promotion Section - Municipal Health Center (Shimin Kenko Ka, Hoken Senta) Tel: 048-961-8040	Pil-apan ang birth notification card na ibibigay kasama sa boshi techo at isumite ito sa Child-Rearing Support Section ng City Hall o di kaya sa Northern & Southern branch na opisina tuwing mag-aplay para sa child's medical expense subsidy (Iryouhi Jukyuu Shikaku) ng bata. Pwede ring bumisita ang health nurse para sa mga nagbubuntis. Makipag-ugnayan lamang sa Citizen's Health Promotion Section (Municipal Health Center) kung kinakailangan.
Postpartum Support Programs (Sango Shien Jigyō)	Ang midwife o nars ay makapagbigay ng suporta kaugnay sa pisikal, emosyonal at sikolohikal na pag-alala; konsultasyon at mga katanungan tungkol sa pagpapalaki ng sanggol; at practical guidance kaugnay sa pangangalaga ng suso at pagpapaligo ng sanggol at iba pa.	Hindi pa umabot ng 4 na buwan pagkatapos manganak / nakatira sa Koshigaya / nag-aalala o may katanungan kaugnay sa pagpapalaki ng bata n gustong i-konsulta sa panahon ng home visitation.	Makipag-ugnayan sa midwife kung magkano. May subsidy na ¥1000 (1 beses) na ibibigay.	Citizen's Health Promotion Section - Municipal Health Center (Shimin Kenko Ka, Hoken Senta) Tel: 048-961-8040	Pil-apan ang Postpartum Support application form na ibibigay kasama sa boshi techo at mag-aplay sa naka rehistrong midwife ng siyudad. Pwedeng tumanggap ng pangangalaga sa iskedyul ng pagbisita (home visit) ng midwife o di kaya direktang pumunta sa klinika kung saan nanganak.
Infant Health Checkups (Nyuyoji Kenko Shinsa)	Pagsusuri ng kalusugan ng bata (pagsusukat ng katawan, timbang, medikal na pagsusuri, konsultasyon, at iba pa) Pagsusuri ng kalusugan ng bata kasama ang pagsusukat ng katawan, medikal na pagsusuri (internal medicine and dentistry), konsultasyon tungkol sa pagpapalaki at pag-aalaga ng bata, nutrisyon, kalusugan ng ngipin, at iba pa.	4 na buwan at 10 buwan na sanggol •1 taon at 6 na buwan na bata •3 taon na bata	Libre ※Kailangan naka-rehistrong residente ng Koshigaya sa oras ng pagpa-checkup.	Citizen's Health Promotion Section - Municipal Health Center (Shimin Kenko Ka, Hoken Senta) Tel: 048-961-8040	Ang checkup form ay ipapadala kasama sa vaccination coupons kapag nag-dalawang buwan na ang sanggol. Tumawag at magpa-reserba sa ospital o klinika kung saan gustong ipa-checkup ang bata. Papadalhan kayo ng notipikasyon isang buwan bago gaganapin ang checkup. Dalhin ang notipiskayon na ito sa Municipal Health Center sa araw ng pagpa-checkup ng bata.
Baby Food Classes (Rinyushoku kyoshitsu)	Seminar at demonstrasyon kung paano maghanda o magluto ng baby food at ibat-ibang konsultasyon.	Sa mga nasa takdang panahon na pakakainin ang bata.	Libre	Citizen's Health Promotion Section - Municipal Health Center (Shimin Kenko Ka, Hoken Senta) Tel: 048-961-8040	Magpa reserba isang buwan bago ang iskedyul ng seminar sa Citizen's Health Promotion Section (Municipal Health Center).
Subsidies for Specific Fertility Treatments (Tokutei Funin Chiryohi Josei Jigyō)	Subsidy para sa pagpagamot para mabuntis at magkakaroon ng anak tulad ng IVF (in-vitro fertilization) at ICSI (microinsemination). ¥150,000 (max) bawat treatment ¥300,000 (max) sa unang aplikasyon ¥100,000 - adisyunal kung hindi pa umabot ng 35 ang edad ng babae sa unang pagpagamot; o di kaya ¥75,000 na limit bawat treatment stage. Ang subsidy para sa mga lalaki ay hanggang ¥150,000 bawat treatment. (Ngunit hanggang ¥300,000 sa unang pag-aplay)	•Legal na mag-asawa sa panahon ng treatment o pagpagamot. •Ang mag-asawa o di kaya isa sa mag-asawa ay naka-rehistrong residente ng Koshigaya.	May limit sa income o kinikita	Public Health Affairs Section - Public Health Center (Hoken Somuka, Hokenjo) Tel: 048-973-7531	Mag-aplay sa Public Health Affairs Section (Public Health Center). Para sa mga kinakailangan o requirements, tingnan o bumisita sa website ng Koshigaya.
Subsidies for Early Infertility Test & Recurrent Pregnancy Loss Test (Soki Funin Kensahi / Fuikusho Kensahi Josei Jigyō)	【Subsidy for Infertility Early Test】 ¥20,000 (max) - isang beses na subsidy pra sa infertility test ng mag-asawa. Kailangan ang edad ng babae ay hindi pa umabot ng 43 sa oras ng pagganap ng test. 【Subsidy for Recurrent Pregnancy Loss Test】 ¥20,000 (max) - isang beses na subsidy para sa mag-asawa o di kaya para sa babae na ang edad ay hindi pa umabot ng 43.	•Legal na mag-asawa sa panahon ng pag-aplay ng subsidy. •Ang mag-asawa o di kaya isa sa mag-asawa ay naka-rehistrong residente ng Koshigaya.	May nakatakdang limit sa income o kinikita	Public Health Affairs Section - Public Health Center (Hoken Somuka, Hokenjo) Tel: 048-73-7531	Mag-aplay sa Public Health Affairs Section (Public Health Center). Para sa mga kinakailangan o requirements, tingnan o bumisita sa website ng Koshigaya.

Pangunahing Child Rearing Support at Services ng Koshigaya City

Serbisyo	Detalye	Target	Magkano	Section in Charge	Proseso / Pamaraan										
Dental Checkup Para sa Mga Expectant Mothers (Ninsanpu Shika Kenko shinsa)	Dental checkup para sa mga buntis at bagong panganak. Pwedeng magpa-checkup isang beses habang buntis at isang beses pagkatapos manganak (hanggang bago mag-isang taon ang bata). Paalala: Hindi kasama dito ang dental exam, dental tartar removal, dental treatment at iba pa)	Mga buntis o bagong panganak at naka-rehistrong residente ng Koshigaya sa araw na gaganapin ang checkup.	Libre	Citizen's Health Promotion Section – Municipal Health Center (Shimin Kenko Ka, Hoken Senta) Tel: 048-961-8040	Makipag-ugnayan at magpa-reserba sa klinika at dalhin ang dental checkup cuopon, talaan ng kalusugan ng mag-ina (boshi techo) at health insurance card tuwing magpa-checkup.										
2 Pinansyal na Suporta															
Child Allowance (Jido Teate)	<p>【Magkano kada buwan bawat bata】 ¥15,000 – edad: bago mag 3 taon ¥15,000 – edad: 3 taon pataas (mula sa pangatlong anak) ¥10,000 – edad: 3 taon pataas (panganay at pangalawang anak) ¥10,000 – kung Junior High School ¥5,000 kada bata para sa pasok sa nakatakdang income limit</p> <p>【Kailan Matatanggap】 Pebrero (para sa Oktubre – Enero na allowance); Hunyo (para sa Pebrero – Mayo na allowance); Oktubre (para sa Hunyo – Setyembre) na allowance</p> <p>【Sino ang Pwedeng Mag-aplay】①Mga nanganak ②Mga lumipat sa Koshigaya ③Sa mga hindi pa nakapag-aplay at eligible para tumanggap ng allowance</p> <p>【Nakatakdang income limit】</p> <table border="1"> <tr> <td>Number of Dependent</td> <td>0</td> <td>1</td> <td>2</td> <td>3</td> </tr> <tr> <td>Amount of Income</td> <td>6.22</td> <td>6.6</td> <td>6.98</td> <td>7.36</td> </tr> </table> <p>(Unit: million yen)</p>	Number of Dependent	0	1	2	3	Amount of Income	6.22	6.6	6.98	7.36	Sa mga households na may anak hanggang Junior High School. ※Para sa mga public (civil) servants, makipag-ugnayan sa opisina kung saan kayo nagtatrabaho. ※Kailangan na ang recipient ay ang head of the household o kung sino ang may pinakamataas na income sa pamilya.	May nakatakdang limit sa income o kinikita	Child Rearing Support Section (Kosodate Shien Ka) Tel: 048-963-9166	Mag-aplay sa Child Rearing Support Section o sa Northern/Southern branch office ng city hall sa loob ng 15 ka araw pagkatapos manganak o lumipat sa Koshigaya. Ang suporta ay simulang matatanggap sa susunod na buwan pagkatapos matagawa ang aplikasyon. 【Mga kakailanganin】 ① Kopya ng bankbook ng aplikante. ② Kung pasok o may employee's pension, kopya ng health insurance card ng aplikante at bata. ③ My (Individual) Number Card o Notification ng aplikante at ng asawa. ④ Identification Documents (valid ID) ng aplikante. ※Mangyaring hihingan ng adisyunal na dokumento pagkatapos suriin ang aplikasyon.
Number of Dependent	0	1	2	3											
Amount of Income	6.22	6.6	6.98	7.36											
Medical Expense Subsidy ng Bata (Kodomo Iryohi)	Subsidy para sa babayaran sa ospital tuwing ang bata ay nagkasakit at iba pa. 【Paraan ng pagbigay ng subsidy】 Walang babayaran – kung magpapagamot sa loob ng Koshigaya ※Kailangang ipakita ang eligibility certificate for the child's medical expense subsidy at health insurance card. Sarili munang magbabayad at i-proseso ang aplikasyon para sa refund (kailangan ang resibo) – kung magpapagamot sa klinika o ospital na hindi sakop ng Koshigaya. (Ang paraang ito ay applicable rin sa ilang medical institutions ng Koshigaya.)	Sa mga households na may mga anak hanggang Junior High School.	May bayad para sa mga gastusin na hindi pasok o covered ng health insurance	Child Rearing Support Section (Kosodate Shien Ka) Tel: 048-963-9166	Isumite ang aplikasyon sa Child Rearing Support Section ng City hall o di kaya sa northern/southern branch office ng city hall. 【Mga Kakailanganin】 ① Kopya ng health insurance card ng bata ② Kopya ng bank book ng aplikante ※Kailangan na ang aplikante ay ang mismong ama, ina o guardian ng bata.										
Child Rearing Allowance (Jido Fuyo Teate)	Ang allowance na ito ay ibinibigay para sa mga single parents (dahil sa diborsyo o pagkamatay ng asawa) at para sa mga magulang (ama o ina) na may tiyak na kapansanan. Ang subsidy ay depende sa kinikita at kung ilan ang anak.	Mga households na may anak na ang edad ay hanggang 18	May nakatakdang limit sa income o kinikita	Child Rearing Support Section (Kosodate Shien Ka) Tel: 048-963-9166	Mag-aplay sa Child Rearing Support Section. 【Mga kakailanganin】 Family register, at iba pa. *Depende sa kondisyon ng aplikante. Makipag-ugnayan sa child rearing support section para sa detalye.										
Medical Expense Subsidy For Single Parent Households (Hitori-oya Katei Iryohi)	Ang subsidy na ito ay tumutulong ng ilang porsyento para sa medikal na gastos na binabayaran ng single mother, single father, at magulang o guardian na may tiyak na antas ng kapansanan.	※Hanggagn bago darating ang ika-20 taong kaarawan para sa mga bata na may tiyak na antas na kapansanan.	May nakatakdang limit sa income o kinikita	Child Rearing Support Section (Kosodate Shien Ka) Tel: 048-963-9166	Kailangang merong sertipikasyon ang aplikante para tumanggap. Mag-aplay sa Child Rearing Support Section. 【Mga Kakailanganin】 Health insurance card, family register at iba pa. *Depende sa kondisyon ng aplikante. Makipag-ugnayan sa child rearing support section para sa detalye.										
Medical Expense Subsidy for Child's Heart Surgery (Jido no Shinzo Shujutsuhi Josei)	Ito ay pinansyal na tulong para sa self-pay burden ng magulang kaugnay sa operasyon ng mga bata na hindi pa umabot ng 18 ton ang edad at may sakit o problema sa puso (heart surgery). Ang subsidy ay hanggang ¥150,000.	•Ang magulang o guardian ay residente ng Koshigaya ng 6 na buwan pataas. •Edad: hindi pa umabot ng 18 taon	May nakatakdang limit sa income o kinikita	Child Rearing Support Section (Kosodate Shien Ka) Tel: 048-963-9172	Makipag-ugnayan in advance sa incharge.										
Special Child Rearing Allowance (Tokubetsu Jido Fuyo Teate)	Aallowance para sa households na may anak na hindi pa umabot sa edad na 20, at may tiyak na pisikal na kapansanan at iba pa. 【Magkano ang Matatanggap Bawat Bata】 ¥52,500 — Level 1 (severe) ¥34,970 — Level 2 (moderate)	Para sa households na may anak na 20 taong gulang pababa, na may tiyak na pisikal na kapansanan at iba pa.	May nakatakdang limit sa income o kinikita		Makipag-ugnayan ng direkta sa incharge.										
Medical Care Benefits for Premature Babies (Mijukuji Yoiku Iryo Kyufu Seido)	Pinansyal na tulong para sa mga bata na pinanganak na premature at nangangailangan ng medical care sa ospital. Kailangan na ang ospital ay nagbibigay ng specific medical childcare.	Ang timbang ng sanggol noong ipinanganak ay hindi umabot ng 2000 grams, premature, at inerekomenda ng doktor na manatili muna sa ospital. Kailangang naka-rehistrong residente ng Koshigaya.	Depende kung magkano ang binabayaran ng household sa residence tax .	Citizen's Health Promotion Section – Municipal Health Center (Shimin Kenko Ka, Hoken Senta) Tel: 048-960-1100	Makipag-ugnayan sa Citizen's Health Promotion Section – Municipal Health Center para sa aplikasyon. Para sa kinakailangan o requirements, tingnan sa website ng Koshigaya.										
Medical Care Benefits for Specific Chronic Pediatric Disease (Shonimansei Tokutei Shippei Iryohi Kyufu Seido)	Pinansyal na tulong upang mabawasan ang gastusin ng pamilya kaugnay sa pagpapagamot ng chronic disease ng mga bata.	•Edad: bago ang ika-18 na kaarawan (hanggang sa ika-20 na kaarawan kung kailangan ng patuloy na paggamot) •May specific chronic disease at pasok sa nakatakdang kondisyon •Residente ng Koshigaya *Tingnan sa website ang detalye	Depende kung magkano ang binabayaran ng household sa income tax .	Public Health Affairs Section – Public Health Center (Hoken Somuka, Hokenjo) Tel: 048-973-7531	Makipag-ugnayan sa Public Health Affairs Section (Public Health Center) para sa aplikasyon. Para sa kinakailangan o requirements, tingnan sa website ng Koshigaya.										
PAPA, MAMA Support Shop Courtesy Program	May mga discounts na ibibigay mula sa mga napakaraming designated shops kung merong kang maipapakita na "Papa Mama Support Shop Courtesy Card".	Para sa households na may anak hanggang high school (hanggang sa pinakaunang Marso 31 pagkatapos ng ika-18 na kaarawan), at sa households na may buntis.	—	Child Rearing Support Section (Kosodate Shien Ka) Tel: 048-963-9165	I-download ang app [Papa Mama Support Shop] sa inyong smartphone. Kung gusto ng card, makukuha ito sa sumusunod na lugar: Child Rearing Support Section, northern/southern branch office ng cit hall, Jidokan cosmos, Jidokan Himawari, Passport center, Community Activity Support Center at Citizen's Health Promotion Section (Municipal Health Center).										

Pangunahing Child Rearing Support at Services ng Koshigaya City

Serbisyo	Detalye	Target	Magkano	Section in Charge	Proseso / Pamaraan
3 Childcare					
Childcare Center (Hoikusho; Hoikuen)	<p>Childcare center o daycare para sa mga magulang o guardian na nagtatrabaho o nagkakasakit at nahihirapang mag-alaga ng bata.</p> <p>Mga childcare center sa Koshigaya: 18 public childcare centers 24 private childcare centers 8 authorized childcare centers 57 community-based childcare centers</p> <p>【Maximum service hours】 7:00am – 7:00pm, Lunes hanggang Sabado ※7:30am – 2:00pm tuwing Sabado para sa Osagami, Sakurai at Shichiza public childcare centers. ※Ang service hours para sa private, authorized at community-based childcare centers ay magdepende sa mismong facility.</p>	<p>•Para sa public childcare center: 3 buwan na sanggol hanggang sa edad bago papasok sa elementarya. ※Ang extended childcare service ay para sa mga bata na 1 taong gulang pataas.</p> <p>•Para sa private at community-based childcare centers, magdepende sa bawat pasilidad.</p>	Ang bayad ay magdepende sa kinikita o income.	Child Care Administration Section (Kodomo Ikusei Ka) Tel: 048-963-9167	<p>Dalhin ang bata at mag-aplay sa Childcare Section. Ang deadline ay hanggang petsa 10 bago ang target na buwan na gusto mong ipasok ang bata. (Para sa mga gustong ipasok ang bata simula Abril, isumite ang aplikasyon sa mga nakatakdang petsa at period. Tingnan ang iskedyul sa lokal na newspaper ng siyudad.)</p>
Childcare Station (Hoiku Sute-shon)	<p>Serbisyo na pwedeng maghatid-sundo ng bata sa pinapasukang childcare center sa nakatakdang oras. Matatagpuan ito malapit sa train stations. Ang pwedeng gumamit sa serbisyo ay magulang o guardian na mag-tren papunta sa trabaho. Pwedeng mag-avail sa serbisyo monthly at on-the-spot. (Hindi ginaganap ang serbisyong ito sa Laketown Hoiku Station)</p> <p>Oras ng Pick-up & Drop-off Umaga: 6:30am – 7:30am; Gabi: 7:00pm – 9:00pm</p>	Malusog at hindi sakitin na bata, 1 taong gulang hanggang sa edad bago papasok sa elementarya.	※Maliban sa regular childcare fee; ¥500 per day, + bayad para sa pagkain, inumin atbp.	<p>Minami-koshigaya Childcare Station (Minami koshigaya Hoiku Sute-shon) Tel: 048-987-6300</p> <p>Kita-koshigaya Childcare Station (Kita koshigaya Hoiku Sute-shon) Tel: 048-970-8200</p> <p>Laketown Childcare Station (Laketown Hoiku Sute-shon) Tel: 048-940-6883</p>	Kailangan magpa-rehistro muna bago makagamit sa serbisyong ito. Makipag-ugnayan sa Childcare Station para sa detalye.
	<p>May temporary childcare service o spot daycare para sa magulang na may emergency na pangangailangan at iskedyul o di kaya gustong mag-refresh ng kanilang sarili.</p> <p>【Oras】 (maliban sa year-end at new year holidays) 6:30am – 22:00pm, sa Minami Koshigaya Childcare Station 6:30am – 22:00pm, sa Kita Koshigaya Childcare Station 8:00am – 20:00pm, sa Laketown Childcare Station</p>	Malusog at hindi sakitin na bata, 4 na buwan hanggang sa edad bago papasok sa elementarya.	¥500 per hour + bayad para sa pagkain, inumin, atbp.	Child Care Administration Section (Kodomo Ikusei Ka) Tel: 048-963-9167	
	<p>Tumatanggap ng konsultasyon at nagbibigay ng impormasyon kaugnay sa pagpapalaki ng bata. May mga programa at seminar din kaugnay sa pagpapalaki ng bata.</p>	Mga bata na hindi pa pumasok sa elementarya, kasama ang magulang.	Libre ngunit mangyaring may bayad para sa materyales		Kailangan magpa-reserba in advancekung gustong sumali ng programa at seminar. Tingnan sa city paper o website ang detalye at iskedyul.
	<p>Ang Nursery Care for sick children ay para sa mga magulang na may trabaho at nahihirapang mag-alaga ng anak na may sakit. May nars at staff na mag-aalaga ng bata ayon sa kanilang pisikal na kalagayan.</p> <p>【Araw at Oras】 Lunes – Biyernes; 8:00am – 6:00pm Ang bata ay dapat hatid-sundo ng magulang o guardian. Makipag-ugnayan para sa detalye ng oras ng serbisyo.</p>	Mga bata na nasa edad na 3 buwan hanggang Grade 3	¥2,000 per day + gastos para sa meryenda atbp. ※Kailangan magdala ng pananghalian para sa bata.	<p>Child Care Administration Section (Kodomo Ikusei Ka) Tel: 048-963-9167</p> <p>Koshigaya Nursery Care for Sick Children: Tel: 048-967-5521</p>	Kailangang magpa-rehistro upang makagamit sa serbisyong ito. Makipag-ugnayan sa Childcare Administration Section o di kaya sa 'Koshigaya Nursery Care for Sick Children para sa aplikasyon.
After School Childcare Center (Gakudo Hoiku Shitsu)	<p>Para sa mga magulang na nagtatrabaho, may After School Childcare Center na mag-alaga ng mga bata pagkatapos ng skwela.</p> <p>May 48 ka publikong center nito sa Koshigaya.</p>	Mga estudyante na nasa elementarya	¥8,500 kada buwan para sa childcare ¥1,500 kada buwan para sa meryenda	Youth Affairs Section (Seishonen Ka) Tel: 048-963-9158	Mag-aplay sa Youth Affairs Section. Ang deadline ay kada petsa 15 ng buwan (simulang makapasok sa susunod na buwan pagkatapos magawa ang aplikasyon). Kung gustong ipasok ang bata mula Abril, isumite ang aplikasyon sa mga nakatakdang petsa na nakasaad sa pampublikong pahayagan ng siyudad at iba pa.
4 Child Rearing Support					
Community Child-Rearing Support Center (Chiiki Kosodate Shien Senta)	<p>Serbisyong konsultasyon at nagbibigay impormasyon kaugnay sa pag-aalaga ng bata, child-rearing circles, child-rearing classes, at iba pa.</p>	Mga bata na hindi pa pumasok sa elementarya, kasama ang magulang o guardian.	Libre ※Mangyaring may bayad depende sa programa.	<p>Makipag-ugnayan sa mismong Local Child-Rearing Center na nakasulat sa kaliwa.</p> <p>Child Care Administration Section (Kodomo Ikusei Ka) Tel: 048-963-9167</p>	<p>Huwag mag-alinlangang makipag-ugnayan at bumisita sa bawat local child-rearing support center.</p> <p>Kailangan ng aplikasyon in advance para sa mga gustong sumali sa child-rearing classes. Ang mga iskedyul nito ay matatagpuan sa lokal na newspaper o di kaya sa website ng siyudad.</p>
	<p>Makapagbigay ng temporaryong childcare service para sa mga magulang na may importanteng lakad at gustong magpahinga ng kaunti sa pag-aalaga ng bata. (maliban sa <i>Mori No Hiroba, Oheso No Hiroba, Nobiruba Hiroba, Koala Kyoshitsu at Aoitari</i>).</p> <p>【Oras ng Serbisyo】 ※Kung public childcare center 8:30am – 4:30pm, Lunes – Biyernes ※Makipag-ugnayan ng direkta sa private childcare center para sa kanilang oras ng serbisyo.</p>	Public childcare center: Malusog at hindi sakitin na bata. 1 taon hanggang sa edad bago papasok sa elementarya.	Public: ¥500/hr +bayad para sa pagkain at inumin, atbp.		Kailangan magpa-rehistro muna bago makagamit sa serbisyong ito. Makipag-ugnayan sa mismong childcare center.

Pangunahing Child Rearing Support at Services ng Koshigaya City

Serbisyo	Detalye	Target	Magkano	Section in Charge	Proseso / Pamaraan
Child-Rearing Salon (Kosodate Salon)	Lugar na pwedeng kumonsulta tungkol sa pag-aalaga ng bata at iba pa. Isang lugar upang makipag-halubilo at ibahagi sa ibang magulang ang karanasan sa pag-aalaga ng bata. May seminars na gaganapin tungkol sa pag-aalaga ng bata. Varie (Shinkoshigaya Station 1F) ----- 048-961-3623 Mizube no Machizukuri Kan (Laketown 4-1-4) ----- 048-961-3623 Sumai No Johokan (464-1 Oyoshi) ----- 048-961-3623 Cosmos Scientific Museum for Children --- 048-961-3623 Himawari Scientific Museum for Children -- 048-961-3623 Hagu-hagu (Hanata 5-17-7) ----- 080-2055-2092 Hagu Hagu on-site Hiroba (Miyamoto-cho 2 Chome Dai 1Jichikaikan) - 080-2055-2092 Felice (Co-op Kitakoshigaya 2F) ----- 048-971-3808 Felice On-site Hiroba (Parute Kitakoshi 3F) - 048-971-3808	Mga bata na hindi pa pumasok sa elementarya, kasama ang magulang.	Libre ※Mangyaring may bayad para sa material cost ng child-rearing classes.	Bawat salon na nakasulat sa kaliwa. Child Rearing Support Section (Kosodate Shien Ka) Tel: 048-963-9165	Huwag mag-alinlangang makipag-ugnayan at bumisita sa bawat Child - Rearing salon Kailangang mag-aplay in advance kung sasali sa child-rearing classes. Ang iskedul nito ay matatagpuan sa lokal na newspaper o di kaya sa website ng siyudad.
Koshigaya Family Support Center	Serbisyo tulad ng pag-aalaga ng bata, paghatid-sundo ng bata sa pinapasukang childcare center o paaralan, at iba pa ayon sa pangangailan ng magulang. 【Kailan】 Araw-araw; 6:00am - 10:00pm	Mga bata na nasa elementarya, at pababa.	¥700 hanggang ¥1,100 per hour + gastos sa pamasaha, pagkain, inumin atbp.	Family Support Center: Tel: 048-960-2311 Child Rearing Support Section Tel: 048-963-9165	Kinakailangan magpa-rehistro muna bago makagamit sa serbisyong ito. Tumawag at magpa-reserba sa Family Support Center kung gagamit sa serbisyong ito.
Emergency Support Center (Kinkyu Sapo-to Senta)	Isang programa kung saan ang mga membro ay magtutulungan ng pag-suporta sa isa't-isa sa pag-aalaga ng bata araw man o gabi, tuwing may emerhensya tulad ng pagkakasakit ng bata, business trip, biglaang pagtawag ng childcare center upang sunduin ang bata, at iba pa.	Mga bata na nasa elementarya, at pababa.	¥1,000 - ¥1,200 per hour ※¥10,000 (overnight stay) + gastos para sa pamasaha, pagkain, inumin atbp.	Emergency Support Center Saitama: Tel: 048-297-2903 Child Rearing Support Section (Kosodate Shien Ka) Tel: 048-963-9165	Kinakailangan magpa-rehistro muna bago makagamit sa serbisyong ito. Tumawag at magpa-reserba sa Emergency Support Center Saitama kung sakaling gagamit sa serbisyong ito.
Child's Short Stay	Serbisyo na may mag-aalaga ng bata tuwing ang magulang ay may sakit, nanganganak, may libing, at iba pa. Pwedeng gamitin ang serbisyong ito hanggang isang linggo o sa loob ng 7 araw lamang.	Mga bata na ang edad ay hindi pa lumampas ng 3 taon.	Ang bayad ay magdepende sa kinikita o income.	Child Rearing Support Section (Kosodate Shien Ka) Tel: 048-963-9172	Makipag-ugnayan direkta sa incharge.
Foster Parent System (Sato-Oya Seido)	Ito ay isang sistema para sa mga batang nangangailangan. May mga foster parent na pwedeng mag-alaga ng mga ito sa halip ng magulang.	Para maging foster parents, kinakailangan may pinansyal na kakayahan at nakapagtapos ng training upang maging foster parent.	-	Koshigaya Child Consultation Center (Koshigaya Jido Sodanjo) Tel: 048-975-4152	Para sa mga gustong mag-alaga o magpalaki ng bata bilang foster parents, kailangang magpa-rehistro. Makipag-ugnayan sa Koshigaya Child Consultation Center tungkol dito.
5 Mga Serbisyong Konsultasyon					
Family and Child-Rearing Consultations (Central Community Center 4F) (Katei Jido Sodan Shitsu)	Konsultasyon sa mga pag-alala tungkol sa mga batang hindi at ayaw pumasok sa paaralan, umihi sa gabi, kinakagat ang kuko sa darili, pagkakaroon ng problema sa "tic", masamang asal, at iba pa. 【Kailan】 Lunes - Biyernes; 9:00am - 4:00pm (maliban sa public at special holidays)	Mga bata na ang edad ay hindi pa lumampas ng 18 taon, kasama ang magulang o guardian.	Libre	Consultation Room for Family and Child-Rearing (Katei Jido Sodan Shitsu) Tel: 048-963-9172	Face-to-face & Telephone Consultation Huwag mag-alinlangang makipag-ugnayan sa opisina. ※Tumawag muna bago magpunta para siguradong may staff sa opisina kung sakaling magpunta.
Consultations for Families with Children (Kodomo Katei Sodan Shitsu)	Konsultasyon tungkol sa mga pag-alala at problema sa pag-alalaga ng bata. 【Kailan】 Martes - Sabado; 9:00 am - 4:00 pm (maliban sa year-end & new year holidays) ※Kung ang Lunes ay public holiday o substitute holiday, magsasara ito sa susunod na araw, Martes.	Mga bata na ang edad ay hindi pa lumampas ng 18 taon, kasama ang magulang o guardian.	Libre	Cosmos Scientific Museum for Children (Jidokan Cosmos) Tel: 048-978-1515 Himawari Scientific Museum for Children (Jidokan Himawari) Tel: 048-986-3715	Face-to-face & Telephone Consultation Huwag mag-alinlangang makipag-ugnayan sa opisina.
Konsultasyon Para Sa Single-Parent Household (Boshi Katei Sodan)	Konsultasyon tungkol sa suporta para sa kabuhayan at trabaho, "Independence Support Program for Single-Parent Households", loan para sa edukasyon ng bata, at iba pa. 【Kailan】 Lunes - Biyernes; 9:00 am to 5:00 pm (maliban sa public at special holidays)	Single-Mother o Single-Father	Libre	Child Rearing Support Section (Kosodate Shien Ka) Independence Supporter for Single Parent Household: Tel: 048-963-9166	Face-to-face & Telephone Consultation Huwag mag-alinlangang makipag-ugnayan sa opisina.
Educational Consultation / Counselling (Kyo-iku Sodan)	Konsultasyon kaugnay sa delayed speech and development ng bata, pag-aaral, ayaw pumasok sa paaralan, 'bullying' o mga pananakot at pagbibiro. Walk-in Consultation: 9:20am - 4:40pm, Lunes - Sabado (maliban kung public holidays) Telephone Consultation: 9:00am - 7:00pm, Lunes - Biyernes (maliban kung public holidays) 9:00am - 4:40pm, tuwing Sabado (maliban kung public holiday) E-mail Consultation: Kahit anong oras.	4 taong gulang hanggang junior high school kasama ang magulang o guardian.	Libre	Koshigaya Educational Center (Koshigaya City Kyo-iku Sodan Senta) Tel: 048-962-9300; 048-962-8601	Huwag mag-alinlangang kumonsulta. Maaaring kumonsulta sa telepono. Kailangang magpa-reserba para sa harap-harapang konsultasyon. Makipag-ugnayan sa website ng siyudad para sa konsultasyon by email.
Youth Consultation o Youth Counselling (sa Koshigaya Educational Center) (Seishonen Sodan)	Konsultasyon para sa mga magulang na may problema at pag-alala tungkol sa ugali ng kanilang mga anak, at konsultasyon para sa mga batang nalilito at may mga pag-alala. 【Kailan】 Martes, Miyerkules at Biyernes; 9:00am to 4:00pm (maliban sa public at special holidays)	Edad: 15 hanggang 30's kasama ang magulang o guardian.	Libre	Youth Consultation Room (Seishonen Sodan Shitsu) Tel: 048-964-0272	Huwag mag-alinlangang kumonsulta. Maaaring kumonsulta sa telepono o harap-harapan.
Child Consultation Center (Jido Sodanjo)	Konsultasyon tungkol sa pag-aalaga at pagpapalaki ng bata, mga ugali at mga pagkilos ng mga ito, kapansanan, pabaya, at iba pa. 【Kailan】 Lunes - Biyernes; 8:30 am to 6:15 pm (maliban sa public at special holidays)	Mga bata hanggang 18 taong gulang, kasama ang kanilang magulang o guardian.	Libre	Koshigaya Child Consultation Center (Koshigaya Jido Sodanjo) Tel: 048-975-4152	Face-to-face & Telephone consultation Huwag mag-alinlangang makipag-ugnayan sa opisina.
Outpatient (Development) Consultation (Gairai 'Hattatsu' Sodan)	Konsultasyon kaugnay sa language, emotional at physical development ng bata na pwedeng i-konsulta sa mga propesyonal na mga staff. 【Kailan】 Lunes - Biyernes; 8:30 am - 5:00 pm (maliban sa public at special holidays)	Mga bata na hindi pa pumapasok sa elementarya kasama ang magulang o guardian.	Libre	Child Development Support Center (Outpatient Consultation) Tel: 048-940-5961	Face-to-face consultation (by appointment) Telephone consultation

Pangunahing Child Rearing Support at Services ng Koshigaya City

Serbisyo	Detalye	Target	Magkano	Section in Charge	Proseso / Pamaraan	
Saitama Emergency Hotline (#7119) (Saitama Kyukyu Denwa Sodan)	Konsultasyon sa telepono tungkol sa mga biglaang nagkasakit sa gabi at tuwing holidays. May nurse na makapagbigay ng advise ng dapat gawin, kung saang klinika pwedeng dalhin ang bata at ang detalyeng impormasyon ng mga ito. (Maliban sa dental at psychiatric na pangangailangan) 【Service Hours】 24 hours, araw-araw Tel: #7119 / 048-824-4199	Kahit sino na may medical emergency pwede.	Libre ※Ang call charges ay pasanin ng tumatawag.	Community Medical Care Section (Chiiki Iryo-ka) Tel: 048-972-4777	Ang serbisyong ito ay magbibigay payo at hindi diagnosis o medikal na paggagamot.	
Saitamaken AI Emergency Consultaion	Text o chat style na konsultasyon tuwing may medical emergency. Pwedeng mag message o kumonsulta sa Saitama AI (artificial intelligence) Emergency Consultaion upang makakatanggap ng payo at iba pa kung kailangan magpunta sa ospital o klinika.	Kahit sino pwede.	Libre ※Ang text charges ay pasanin ng kumonsulta.	Community Medical Care Section (Chiiki Iryo-ka) Tel: 048-972-4777	Ang konsultasyon na ito ay magbibigay ng payo at iba pa. Hindi ito makapagbigay ng anumang medical na pagsusuri at paggamot.	
6 Mga Kapansanan o Disabilities						
Intellectual Disability Certificate (Ryo-iku Techo)	Sertipikasyon na ibinibigay para sa mga naantala sa intelektwal na pag-unlad. May ibat-ibang suporta, tulong at konsultasyon para sa mga nabibigyan ng sertipikasyon na ito.	Sa mga na-diagnosed na may intelektwal na kapansanan	—	Child Rearing Support Section (Kosodate Shien Ka) Tel: 048-963-9172	Makipag-ugnayan sa incharge para sa detalye. Ang pag-diagnose ng kapansanan para sa mga batang 18 taong gulang pababa ay gagawin sa child consultation center.	
Physical Disability Certificate (Shintai Shogai-sha Techo)	Sertipikasyon na ibinibigay para sa mga may kapansanan ng dahil sa pagkakasakit at iba pa. May ibat-ibang suporta, tulong at konsultasyon para sa mga nabibigyan ng sertipikasyon na ito.	Sa mga na-diagnosed na may pisikal na kapansanan.	—		Makipag-ugnayan sa incharge para sa detalye.	
Independence Support for Medical Expenses (Medical Benefits to Disabled Children) (Jiritsu Shien Iryo)	Benepisyong pang-medikal na ibibigay para sa mga batang may pisikal na kapansanan ngunit magagamot sa pamamagitan ng surgery, atbp.	Mga bata hanggang 18 taong gulang.	Ang bayad ay magdepende sa binabayarang buwis.		Kumonsulta in advance sa incharge para sa detalye.	
Medical Expense Subsidy for Children with Hearing Difficulties to Purchase Hearing Aids	Tulong pinansyal na ibibigay para sa pagbili ng "hearing aids" ng mga batang may problema sa pandinig. 【Mga Pwedeng Mag-aplay】 • Mga batang may problema sa pandinig ngunit hindi nabigyan ng "physical disability certificate". • Sa mga na-diagnosed ng doktor na dapat gagamit ng "hearing aid" upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa wika, at iba pa.	Mga bata hanggang 18 taong gulang (hanggang sa pinaka-unang Marso 31 pagkatapos ng kaarawan)	1/3 mula sa buong halaga. ※May limit depende kung anong klaseng hearing aid.		Kumonsulta in advance sa incharge para sa detalye.	
7 Facilities						
Cosmos: Scientific Museum for Children (Jidokan Cosmos)	1F: Baby room, toys room atbp, slide o padulasan at ball pit Pwedeng makapaglaro ang mga bata (kasama ang magulang) na hindi pa pumasok sa elementarya. May lugar para sa active play. May room na pwedeng magamit sa mga nursing mothers. 2F: Planetarium – pwedeng manood mula 3 taong gulang 3F: Science laboratory corner – pwedeng ma-enjoy ang mga science experiments habang naglalaro. Oras ng Serbisyo: 9:00am – 5:00pm, Martes hanggang Linggo (maliban sa public at special holidays) ※Kung ang Lunes ay nagkataong holiday, magbubukas ito at maging sarado sa susunod na araw.	0 hanggang 18 taong gulang na bata, kasama ang magulang at iba pa.	Libre ※Planetarium: ¥100 ang bayad kada tao (mula elementarya) Pwedeng manood ang 3 taon pataas kung may kasamang guardian.	Cosmos Scientific Museum for Children (Jidokan Cosmos) Tel: 048-978-1515	Isulat ang iyong pangalan sa 'visitor's list' na nakalagay sa may entrance. Ang mga maliliit na bata ay kailangan na may kasamang magulang o guardian. Ang mga rooms at iba pa sa Jidokan ay hindi pinapahiram (rentals). Kung organisasyon o grupo na gustong gumamit sa pasilidad, kailangan humingi ng pahintulot (30 days in advance) bago magpunta at gamitin ang pasilidad.	
Himawari: Scientific Museum for Children (Jidokan Himawari)	1F: Baby room, toys room, library, slide o padulasan, at mga laruan para sa mga maliit na bata. May nursing room din na pwedeng magamit. 2F: mini aquarium, at lugar para sa mga bata upang makapag-enjoy na obserbahan ang mga isda, pagong at iba pa. 3F: Science exhibition corner Oras ng Serbisyo: 9:00am – 5:00pm, Martes hanggang Linggo (maliban sa public at special holidays) ※Kung ang Lunes ay nagkataong holiday, magbubukas ito at maging sarado sa susunod na araw.		Libre	Himawari Scientific Museum for Children (Jidokan Himawari) Tel: 048-986-3715		
Child Development Support Center (Jido Hattatsu Shien Senta)	【Child Development Assistance】 Gun-gun: Ang mga bata na nangangailangan ng suporta kaugnay sa kanilang development ay pupunta sa pasilidad na ito araw-araw. Dito ay tinuturuan sila kung paano kumilos araw-araw, mga pagsasanay sa pang-araw-araw na gawain, at iba pa. Nobi-nobi: Ito ay para sa mga batang pumapasok sa isang childcare center o di kaya sa isang kindergarten school ngunit kailangan ng espesyal na paggamot o edukasyon, at iba pa ukol sa kanilang development.	Gun-gun Green (Mga batang may intelektwal na kapansanan): Mula 2 taon hanggang bago papasok sa elementarya. Gun-gun Pink (Mga batang may pisikal na kapansanan): Mula 1 taon at 6 na buwan hanggang bago papasok sa elementarya. Nobi-nobi: Mula 3 taon na bata hanggang bago papasok sa elementarya.	Ang bayad ay magdepende sa edad at kinikita.	Koshigaya Child Development Support Center (Jido Hatatsu Shien Senta) Tel: 048-940-5951 Gun-gun Green Tel: 048-940-5952 Gun-gun Pink Tel: 048-940-5953 Nobi-nobi Tel: 048-940-5954	Makipag-ugnayan sa Koshigaya Child Development Support Center o di kaya sa Child Rearing Support Section (Tel: 048-963-9172) Child Development Support Center Office Hours: 8:30am – 5:00pm, Lunes hanggang Biyernes (maliban sa public at special holidays)	
	【Early Intervention Programs】 Para sa mga bata na hindi pumapasok sa isang childcare center o kindergarten at nangangailangan ng suporta sa kanilang development, medikal na paggagamot, edukasyon, at iba pa upang ang mga ito ay ma-iangkop sa isang buhay komunidad.	Mga bata, 1 taon hanggang bago papasok sa elementarya, kasama ang kanilang magulang o guardian.		Libre	Early Intervention Programs Tel: 048-940-5954	
	【Toy & Library Room】 Isang lugar upang makihalubilo sa pamamagitan ng paglalaro.	Kahit sino pwede.			Child Development Support Center Tel: 048-940-5951	
Emergency Clinic at Night (Yakan Kyukan Shinryojo)	Klinika na makapagbigay ng pang-emerhensiyang paggamot sa gabi. 【Kailan】 Araw-araw; 8:00pm – 11:00pm 【Oras ng Tanggapan】 7:30pm – 10:30pm 【Telepono】 048-960-1000	—	Pareho at walang pagkakaiba sa ibang medikal na institusyon.	Community Medical Care Section (Chiiki Iryo-ka) Tel: 048-972-4777	Ang medical care na ibibigay ay kaugnay sa internal medicine lamang. Ang ibibigay na gamot ay para sa isang araw lamang. Kung kinakailangan, bumisita sa iyong doktor kinabukasan. Tumawag muna bago magpunta at dalhin ang health insurance card.	

Makipag-ugnayan bawat Section in Charge para sa detalye.